# ANG TUNGKULIN NG ISANG MUSLIM NA ISKOLAR (2 BAHAGI NG 2)

**Marka:**

**Deskripsyon:** Mga terminong nauugnay sa mga Muslim na pagpapakadalubhasa (scholarship) at kung bakit ang mga Muslim ay sinusunod ang nasa gitnang daan o pamamaraan.

**Kategorya:** Mga Aral › Pakikipag-ugnayang Lipunan › Ang Komunidad ng Muslim

**Ni:** Aisha Stacey (© 2015 NewMuslims.com)
**Nai-publish sa:** 08 Apr 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Mga Layunin

·Upang maunawaan ang tungkulin ng isang Muslim na iskolar.

·Upang maunawaan ang lalim ng kanilang edukasyon.

·Upang maunawaan ang terminolohiyang nauugnay sa Islamikong batas at iskolarsip.

Mga Terminolohiyang Arabik

·*Fatwa* – (pangmaramihan: *fatawa*) isang kapasyahan sa isang punto ng Islamikong batas na ipinapataw ng isang kinikilalang awtoridad.

·*Mufti* – Isang taong kwalipikadong magpalabas ng mga *fatwa*.

·*Aalim* - (pangmaramihan: *Ulama*) ang siyang mayroong kaalaman. Ang kataga ay karaniwang tumutukoy sa isang relihiyosong Muslim na iskolar.

·*Qadi* - Isang Muslim na hukom na nagbibigay ng matuwid na mga pagpapasya ayon sa *Shariah*.

·*Shariah* – Islamikong batas.

·*Sahabah* - ang anyong pangmaramihan ng "Sahabi," na salin para sa mga Kasamahan. Ang sahabi, bilang salitang karaniwang ginagamit ngayon, ay siyang nakakita sa Propeta Muhammad, naniwala sa kanya at namatay bilang isang Muslim.

Mayroong maraming mga kataga ang nauugnay sa katayuan ng isang iskolar at marami sa mga ito ay tinukoy sa seksiyon ng mga katagang Arabe ng leksyong ito. Dalawang mga kataga gayunpaman ay nangangailangan ng higit na malalim na kahulugan at pang-unawa. Ang *Fatwa* at *mufti* ay dalawang salita na ginagamit ng madali subalit minsan ay walang tunay na pang-unawa sa kahulugan nito.



Ang *fatwa* ay isang Islamikong matuwid na kapasyahan, na inilalabas ng isang dalubhasa sa relihiyosong batas. Ito ay kadalasang tumutukoy sa isang partikular na usapin at ibinibigay sa kahilingan ng isang indibidwal, grupo o hukom at gagamitin upang lutasin ang usapin. Ang mga *fatwa* ay kinakailangan kung ang isang punto ng batas o ang mga pangyayari ay hindi malinaw. Ang *Fatawa* ay kinakailangan din kapag ang mga bagong bagay ay nagbabago tulad ng sumusulong na teknolohiya at agham. "Maaari bang ang isang Muslim na lumahok sa kloning?" ay, halimbawa, isang tanong na mangangailangan ng mga *fatwa*.

Sa mga bansang sumusunod sa Islamikong batas, ang *fatawa* ay ang mahigpit na pinagtatalunan bago ipinapalabas sa madla. Ito ay pinagtitibay sa pamamagitan ng pagkakasundo ng isang kataas-taasang relihoyosong konseho. Sa mga bansang ito, ang *fatawa* ay bihirang magkasalungat, at ipinatutupad ng batas. Sa mga bansang hindi kinikilala ang Islamikong batas, ang mga Muslim ay madalas na nahaharap sa nagkakatalong fatawa. Kung ganito ang kaso ang isang tao ay maaaring pumili kung aling kapasyahan ang susundin.

Maliban kung ang isang tao ay lubhang napaka edukado sa Islamikong batas sinuman ay walang awtoridad na magpalabas ng mga *fatwa*. Ang ganitong edukadong tao ay kilala bilang *mufti*. Ang isang m*ufti* ay itinuturing na pinakamataas na iskolar dahil sa kinakailangang maagap na pagsasanay. Siya ay isang dalubhasa sa Islamikong batas na karapat-dapat na magbigay ng mga mapananaligang matuwid na opinyon (fatawa); kadalasan ay isang kasapi ng itinatag na *ulama* at mas mataas ang antas sa *qadi*. Ang *qadi*, sa kabilang dako, ay naglalabas ng paghatol sa partikular na mga kaso o mga pangyayaring may kinalaman sa isang indibidwal o mga grupo. Karaniwan ang ganitong mga kaso ay kinabibilangan ng dalawang magkalaban. Sa ilalim ng karaniwang kalagayan ang magkabilang panig (ang *mufti* at *qadi*) ay nagtutulungan. Ang *mufti* ay nagtatayo ng punto ng batas at ang *qadi* ay naglalapat nito.

Upang makapaglabas ng mga *fatwa* ang mufti ay dapat malaman ang ilang mga bagay na maaari lamang maunawaan pagkatapos ng pagpapasailalim ng mga taon ng komprehensibong relihiyosong edukasyon. Halimbawa, dapat ay nalalaman niya ang mga talata ng Qur'an na may kinalaman sa agarang kapasyahan - kailan ang bawat isa ay naihayag at kung bakit, pati na rin ang makilala ang pagitan ng anumang mga nagpapatibay at sumasalungat na mga talata. Siya ay kailangang maging pamilyar sa lahat ng *ahadith* na may kinalaman sa kapasyahan at ang kawastuhan ng mga kawing ng paghahatid nito, at maging pamilyar sa mga matuwid na legal na tuntunin, kabilang ang mga argumento at anumang pinagkasunduang naabot ng naunang mga iskolar. Siya ay kailangan ding maging mahusay sa palaugnayan, balarila, pagbigkas, kawikaan, natatanging paggamit ng wika, mga kaugalian at kultura na laganap sa panahon ng Propeta at sa mga sumunod na dalawang

henerasyon.

Nakasusulit tandaang ang fatawa na inilabas ng mga hindi kwalipikado at o hindi awtorisadong mga indibidwal ay walang matuwid na katayuan. Hindi ipinahihintulot na maglabas ng mga fatwa kapag siya ay walang kaukulang kaalaman. Bilang karagdagan dito ang isang kapasyahan ng isang Mufti ay hindi binigyang puwersa ng batas. Ito ay isang tugon sa isang usapin at nasa sa mga indibidwal na kung susundin ang kapasyahan o hindi. Ang batas sa kabilang dako, ay ipinapatupad sa pamamagitang ng mga hatol ng indibidwal ng hukuman.

Ang Islamikong batas na tinatawag ding *Shariah* ay tinatawag ang mga tao sa gitnang landas, sa lahat ng mga bagay, kabilang ang paniniwala, pagsamba, etika, moralidad, pag-uugali, pakikipag-ugnayan, at pag-unawang pangkaisipan. Ito ay maaaring tawaging batayan ng *Shariah*, kung saan ang mahahalaga at gabay na prinsipyo ay kahinahunan. Ang Islam ay pinaiiral ang balanse sa pagitan ng mga kalabisan.

Ang Propeta Muhammad ay nagsabi, "O mga tao pag-ingatan ang humantong sa kalabisan sa relihiyosong mga bagay sapagkat yaong mga nauna sa inyo ay napahamak dahil humantong sa kalabisan sa relihiyosong mga bagay."[1] Sa relihiyong Islam ay hindi hiwalay mula sa pang-araw-araw na pamumuhay; Ang isang Muslim ay nagsusumikap upang gawin ang bawat aspeto ng kanyang pang-araw-araw na pamumuhay na isang uri ng pagsamba. Sa gayon ang Propetang Muhammad ay binalaan ang kanyang mga tagasunod na maging katamtaman, na sundin ang isang gitnang paraan at piliin ang higit na madaling mga pagpipilian na nahuhulog sa loob ng mga hangganan ng *Shariah*. Ang isa sa mga tungkulin ng isang Muslim na iskolar ay ang gabayan at turuan ang iba sa kung saang mga hangganang yaon napapaloob.

***“Kami ay ginawa kayong [mga mananampalataya] sa isang makatarungang komunidad (isang gitnang bansa)..." (Quran 2:143)***

Ang pinakamamahal na maybahay ng Prophet Muhammad na si Aisha ay nagsabing, "Sa tuwing ang Propeta ay kailangang magpasya sa pagitan ng dalawang mga pagpipilian, lagi niyang pinipili ang mas madaling bagay, maliban kung ito ay makasalanan, na kung saan, iiwasan niya ito."[2] Kaya bahagi ng tungkulin ng isang Muslim na iskolar ay gawin ang Islam na magaan para sa iba at upang pigilan ang mga taong humantong sa kalabisan.

Si Allah ay nagsabi sa Prophet Muhammad, **"Bahagi ng awa ni Allah na makitungo ka ng banayad sa kanila. Kung ikaw ay mabagsik at malupit, sila ay maaaring umiwas sa inyo,"** (Qur'an 3:159). At kaya nang ipinadala niya si Mu'adh bin Jabal, nawa'y si Allah ay malugod sa kanya, upang ituro ang Islam sa mga mamamayan ng Yemen, binigyan sila nito ng sumusunod na payo, "Pagaangin ang mga relihiyosong bagay sa mga tao at huwag gawin ang mga bagay na mahirap. Sundin ang bawat isa at huwag magkaiba [sa pagitan ng inyong mga sarili]."

Ang Islam ay pinaiiral din ang balanse sa pagkuha ng kaalaman mula sa Islamikong mga iskolar. Ang isang Muslim ay hindi dapat isipin na kaya niya mag-isa at kanyang balewalain ang lahat ng mga sinasabi ng mga iskolar - ito ay isang tiyak na landas na mahulog sa mga ligaw na ideolohiya. At sa kabilang dako ay hindi niya dapat ituring ang Islamikong mga iskolar na malaya sa pagkakasala; ang pagkuha sa kanilang mga salita bilang malaya sa

pagkakasala ay bahagi ng mga pagmamalabis na ang mananampalataya ay hinihiling na ito ay layuan. Ang isang Muslim ay mapagpakumbabang kumikilala sa kanyang antas ng kaalaman at natutunan ang kanyang Islam mula sa yaong may kakayahan at mapagkakatiwalaan.

Ang mga Muslim na iskolar, yaong mga edukado upang magpayo at magbigay ng relihiyosong kapasyahan, ay ginagawa ang buo nilang makakaya upang matulungan ang mga mananampalatayang manatiling matatag sa tamang landas, ang gitnang landas. Sila mismo ang pinakauna sa lahat na sumasailalim sa mataas na pagpapakadalubhasang relihiyosong pagsasanay at edukasyon; ang lalim ng kanilang kaalaman ay hindi nakamit sa pamamagitan ng lahat ng impormasyon na madaling nakukuha sa internet ngayon. Ang isang iskolar ay isang taong nakakaalam, at gumugol ng napakaraming mga oras at mga taon, maging dekada, sa pagkakamit ng kaalamang yaon.

---

Mga Talababa:

[1] Ibn Majah, *An Nassai* (inuri bilang Saheeh ni Sh. Al Albani)

[2] *Saheeh Al-Bukhari*

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.newmuslims.com/tl/articles/289/ang-tungkulin-ng-isang-muslim-na-iskolar-2-bahagi-ng-2

Copyright © 2011 - 2024 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.